

Mauubusan ang Alberta ng supply ng COVID-19 bakuna

Enero 18, 2021 [Media inquiries](#)

Si Premier Jason Kenney ay naglabas ng sumusunod na pahayag tungkol sa supply ng bakuna sa Alberta:

"Pinangasiwaan ng Alberta Health Services ang halos 90,000 na dosis sa mga karapat-dapat na manggagawa sa pangangalaga ng kalusugan at kawani at mga residente sa patuloy na pangangalaga sa buong lalawigan hanggang ngayon. Patuloy tayong nangunguna sa malalaking lalawigan sa bilis ng pagbabakuna ng COVID-19. Ito ay positibong balita.

"Natutuwa din akong iulat na ang pagbabakuna ng unang dosis ay naipamahagi sa lahat ng 357 pangmatagalang pangangalaga at itinalagang suportadong mga pasilidad sa pamumuhay sa lalawigan.

"Gayunpaman, dahil sa hindi inaasahang pagkagambala ng panustos na inihayag ng pamahalaang federal noong nakaraang linggo, ang Alberta ay wala nang mga dosis ng bakuna na magagamit upang pangasiwaan ang unang dosis sa pagtatapos ng araw na ito o maaga bukas.

Alinsunod dito, wala nang mga bagong appointment sa unang dosis ang tatanggapin at ang ilang mga appointment sa unang dosis na naka-book na ay muling maiiskedyul sa mga susunod na araw upang mapaunlakan ang limitadong panustos. Ang mga dosis ay inilalaan upang matiyak na magagamit ang pangalawang dosis para sa mga nakatuon na appointment.

"Tulad ng sinabi ko ng maraming beses mula nang magsimula ang pagbabakuna, ang ating kakayahang makakuha ng kinakailangang bakuna sa mga bisig ng Albertans ay limitado sa bilang ng mga dosis ng bakuna na nasa kamay natin ngayon. Nakakabigo na makita itong nangyari habang ang ibang mga bansa, tulad ng Estados Unidos, United Kingdom, at Israel ay nakatanggap ng mas maraming bakuna.

"Labis akong nadismaya sa sitwasyon na kinakaharap natin ngayon. Ang balita noong Enero 15 na ang mga kargamento ng Pfizer ay babawasan ng 20 hanggang 80 porsyento sa mga darating na linggo

Related information

[Watch the news conference](#)
[View photos from the news conference](#) *(will be available after the event)*

Media inquiries

Christine Myatt

780-446-2179

Deputy Director of
Communications/Press
Secretary, Office of the
Premier

ay nagdaragdag lamang sa ating pagkabigo at nangangahulugan na kailangan nating mapabalag ang plano sa pagbabakuna.

“Sa ngayon may kakayahan ang Alberta na maghatid ng 50,000 dosis bawat linggo. Sa Marso, inaasahan naming mangasiwa ng 200,000 dosis bawat linggo. Ngunit wala kaming sapat na suplay upang tumugma. Sa kasamaang palad, ito’y nangangahulugan na ang planong pagbabakuna sa mga indibidwal na First Nations at Métis at nakatatanda ng higit 75 na taong gulang ay ipinagpaliban.

"Nais kong tiyakin sa mga Albertans na sa kabila ng sagabal na ito, patuloy kaming magpapalakas at babalik sa naitalang mga bilang ng pagbabakuna sa sandaling maihatid ang sapat na dosis. Nanatili kaming hindi mapipigilan sa aming pagsisikap na makakuha ang mga bakuna para sa mga higit na nangangailangan.